Essay

# Si Mocha at ang Kanyang High-Tech na Pluma

*Anna Lorraine D. Galura*

Hindi maitatanggi na may mga taong naniniwalang si Mocha Uson na nga ang makabagong mukha ng Peministang Nasyonalismo. Gamit lamang ang kanyang high-tech na sandata, hindi maikakatwang malaki ang sakop at bigat ng kanyang impluwensya lalong lalo na sa mga Pilipinong nasa laylayan ng lipunan.

Ayon kay Lois A. West (1997, p. 226), "Feminist nationalism consists of social movements, cultural ideologies and links struggles for group identity rights and/or national sovereignty in their goals of self-determination." Ang Pilipinas ay isang Third World Country. Nabanggit ni Mary Janet Arnado (2011) sa kanyang pag-aaral, Theorizing Filipina Feminism: A Survey of the Theoretical and Political Streams of Feminism in the Philippines, na nakatuon ang pansin ng Filipina Feminism sa kahirapan, foreign intervention, trade liberalization at globalisasyon—na siya ring pundasyon ng Peministang Nasyonalismo na nagsimula noong rehimeng Marcos.

Bagama't marami ang kontra sa ideyang siya na nga ang bagong mukha ng Peministang Nasyonalismo, hindi maikakatwang malaki ang impak o inpluwensya niya sa kasalukuyang daloy ng impormasyon sa web space. Simula nang maging matunog ang pangalan ni Pangulong Duterte, nagsimula rin ang pag-angat at pagiging trending ni Mocha sa social media. Kabi-kabila ang balita tungkol sa mga binibitawang salita ni Mocha gamit ang kanyang blog—dahil marahil ito ay puno ng kontrobersiya. Nito lamang, matatandaang nagkaroon sila ng sagutan ni Bise Presidente Robredo matapos pasaringan ni Mocha si Robredo patungkol sa pagbibitiw nito bilang miyembro ng gabinete. Ang sagot naman ni Robredo (Inquirer, 2016), "I have not read Mocha's blog, don't intend to read it."

Sa pamamagitan ng Internet at blogging, naipapahatid ni Mocha ang kanyang mga saloobin at opinyon sa mga napapanahong isyu

ng lipunan, partikular sa usapang politika. Sa pamamatian ng mga channels na ito ay nahuhulma ni Mocha ang kanyang identitad online.

Maituturing na ang Facebook ang isa sa pinakatinatangkilik na midyum ng komunikasyon sa milenyal na panahon kaya naman ito sa tingin ko ang piniling gamitin ni Mocha bilang kanyang instrumento sa pagpapalaganap ng kanyang mga kuro-kuro. Mayroong 4,572,901 likes ang Mocha Uson Blog—ang Facebook Page ni Mocha, sa kasalukuyan. Isa ito sa mga implikasyon na kahit marami pa rin ang hindi sumasang-ayon sa kanyang paniniwala, marami pa rin ang kanyang tagasunod o followers o mga nagbabasa ng blog niya.

Isa sa mga laging ibinabatong batikos kay Mocha at sa mga tagasunod ni Pangulong Duterte ang kakulangan sa tamang datos at kaalaman sa "tunay" na nangyayari sa lipunan. Kaya sila binabansagang mga "Dutertards" o blind followers ng Pangulo. Nakapagtataka kung bakit sa dinami-rami ng maaaring pagkuhaan ng balita at impormasyon, ito pa rin ang kanilang pinaniniwalaan. Marahil ito ay sa kadahilanang, ang midya, na hawak ng mga oligarchs, naiisip ng taumbayan na sila ay nililinlang ng mga dilawang pro-neoliberism. Ang resulta, isang pagkilos na kung saan ang mga tao ay tinatangkilik ang alternatibong hatid ni Mocha. Ito kalaunan ay makakabuo ng isang "komunidad" – ang Bayan sa pangunguna ni Mocha.

Kapansin pansin din na kahit na maituturing na may-kaya si Mocha, na ang kanyang adbokasya ay nakatuon ang pansin sa karapatan ng mga mahihirap. Sa kanyang Facebook Page Cover Photo, ginamit nya ang Proverbs 31:8:9: "Speak up for those who cannot speak for themselves, for the rights of all who are destitute. Speak up and judge fairly; defend the rights of the poor and needy."

Pati mismo sa paggamit ni Mocha ng social media ay naipapakita niya na siya ang mukha ng online feminist nationalism. Sa tulong na inihahandog ng information technology, na dulot ng Globalisasyon, tinutunggali mula sa ibaba, mula sa mga mamamayang nasa diaspora (OFW), ng mga manggagawang wala mang yaman ay mayroon namang access sa social media ay naipararating sa marami na hindi mo kailangang maging elitista para masabing ikaw ay makabayan.

Ano nga ba ang dahilan kung bakit marami ang hindi sumasang-ayon at hindi bilib sa mga binibitawang paniniwala ni Mocha? Ito marahil ay dahil nakasanayan na nating mga Pilipino na mas nirerespeto at pinaniniwalaan ang mga taong edukado at nakatataas sa lipunan. Ngunit ano at sino nga ba ang makapagdidikta kung ano ang pamantayan ng isang ideyal na mamamayan, ng ideyal na Filipina, o ng isang ideyal na Feminista?

Ayon nga kay Tolentino (2015) at sa kanyang sulating pinamagatang: Subjects, Subjectivation and Subjectification, "Citizenship in the Philippines is a highly classed, sexualized, genderized, and politicized issue." (p. ). Ang ideyang ito ay hegemonic at idinidikta ng mga elitista, isa sa mga paniniwala ng Kanluraning Peminismo na siya ring tinutulan ni Sister Mary John Mananzan, isa sa mga nagpasimula ng Feminist Nationalism. Aniya, ang GABRIELA, isa sa pinakamalawak na organisasyon para sa mga kababaihan ay binubuo ng mga miyembrong sadlak sa kahirapan. Kaya lang naman umano tayo nasanay na ang mga lider sa lipunan ay yaong mga nasa middle class ay dahil sila ang may kakayahang mamuno at magpaumpisa ng mga ganitong kilusan dahil hindi na nila kailanganin pang alalahanin ang mga pangunahing pangangailangan sa kanilang tahanan (Guerrero, 1997). Hindi ibig sabihin nito na kung ikaw ay mahirap, ay wala ka nang karapatang isiwalat ang iyong mga saloobin at ideolohiya.

Isa rin sa maaari nating pagtuunan ng pansin ay ang pagkukumpara o paghahambing kay Mocha at sa mga kasalukuyang lider sa pamahalaan at ang kanilang imahe sa lipunan. Kakabit na ng pangalan ni Mocha ang kanyang masidhi at walang humpay na pagsuporta kay Pangulong Duterte, na siya namang di umano'y "katunggali" ni Bise Presidente Leni Robredo. Bilang tagasuporta ni Duterte, kapansin-pansin ang mga patama at tila pagkalaban ni Mocha kay Robredo, na sa totoo lang ay isa pang maituring na mukha ng peministang nasyonalismo sa bansa.

Dito natin makikita ang tunggalian ng dalawang babae na mayroong magkaibang karakter at kung paano sila tinatanggap sa lipunan. Ano nga ba ang laban at puhunan ni Mocha kung ikukumpara kay Leni? Si Leni – isang abogada, edukada at naluklok bilang ikalawang Pangulo

ng bansa. Tila taglay niya ang halos kaparehong imahen ni Cory na isang byuda at dalisay ang imahen.

Si Mocha? Marahil ang tingin sa kanya ng lipunan ay isang masamang babae. Sa proseso ng ideyal na citizenship sa bansa ay hindi na kabilang o nasa margins na ang isang tulad niya, na minaliit dahil isang sexy star at dancer at ginagamit lang ang katawan. Sa madaling sabi, walang utak. Ngunit, mayroon nga bang karapatan at dapat nga bang pakinggan sa larangan ng pulitika at sa citizenship na usapin ang hindi intelektwal at "puta" na tulad ni Mocha?

Oo, mayroon. Tignan natin ito sa konteksto ng sosyalismo. Pinaniniwalaang ang socialism ay isa sa pinakamalapit na konsepto ng pagkilos sa peminismo, dahil pinangangalagaan nito ang pantay na karapatan ng working class sa lahat ng aspeto bukod sa mga elitista. Taliwas ito sa liberal-feminism, na kinabibilangan ni Robredo. Itong mga dilawang-middle class-educated Feminists at iba pang mapagmataas at hindi masa ay binabatikos at kinukutsa si Mocha. Sa pagdedeklara nila kay Mocha bilang "iba" sa nararapat na ideyal ng citizen at Filipina, hindi ba tila ipinapakita nila kung ano ang kanilang pagkatao? Na kailangan ay mayroon silang sabihan na "tanga" o "bobo" para masabing sila ay matatalino at nag-iisip.

Sabi nga ng manunulat na si Edward Bulwer-Lytton (1839), "the pen is mightier than the sword." Tulad ni Mocha, ginagamit niya ang kanyang high-tech na pluma upang ipaalam sa madla ang kanyang mga saloobin at suportahan ang kanyang mga paniniwala sa pamamagitan ng pagsusulat sa tulong ng teknolohiya. Ang kulturang kanyang nabubuo mula sa kanyang pagsusulat ay nakatuon sa paglaban sa kahirapan at pagsang-ayon sa globalisasyon na syang pundasyon ng Peministang Nasyonalismo.

Marahil ay tila mahirap tanggapin at paniwalaan na si Mocha na nga ang makabagong mukha ng Peministang Nasyonalismo. Ito ay dulot ng biglaang transpormasyon ng imahe ni Mocha mula dancer at ngayon ay isa na siya sa pinipiling tagapaghandog at alternatibong pinagkukuhaan ng impormasyon ng masang Pilipino. Kung noon ay mikropono o maselang bagay ang kanyang mga hawak sa

kanyang mga Youtube tutorials, ngayon ay pen o panulat na ang kanyang pangunahing kasangkapan sa pagpapalaganap ng kanyang pagprotekta sa Inang Bayan.

## Selected References:


Arnado, M. (2011). Theorizing Filipina Feminism: A Survey of the Theoretical and Political Streams of Feminism in the Philippines. In Feminista: Gender, Race and Class in the Philippines (p. 12). Anvil Publishing.

Dela Cruz, N., & Peracullo, J. (n.d.). Feminista: Gender, Race and Class in the Philippines. Anvil Publishing.

Lytton, E. (1839) Richelieu; Or the Conspiracy. A Play in Five Acts (second ed.). London.

Tolentino, R. (2015). Essays on the Philippine Media Cultures and Neocolonialisms. Quezon City, Philippines: Ateneo De Manila University Press.

West, L. A. (1997). Feminist nationalism. New York: Routledge.


## About the Author


**Anna Lorraine D. Galura** is currently a Digital Marketing Specialist at Kimstore—one of the fastest growing e-commerce companies in the Philippines. She specializes in planning, strategizing and implementing digital, social media, and PR campaigns for the company's traditional and digital marketing efforts. With her almost three years experience in the digital marketing world, she was able to handle different corporate partner brands in building and establishing their image online with the use of the internet, social media, and the search engine. Before realizing that her dream job revolves around the digital world, she used to write for different brands for their Search Engine Optimization (SEO) blogs for their digital presence. She also worked at Rappler Inc. as an Intern in college, where her love for journalistic writing bloomed. She graduated at the Pamantasan ng Lungsod ng Maynila with a bachelor's degree in Mass Communication in 2015 and is currently taking up her Master's Degree in Communication at the University of the Philippines Diliman.